Mga Sanggunian Modyul sa Filipino 8: Yunit 3, Aralin 1: “Tula ng Paggunita: Panitikan sa Panahon ng Hapon,” pp. 166–173; at Yunit 3, Aralin 2: “Kasiningan ng Tula sa Panahon ng Hapon,” pp. 174–182. **Mga tulang susuriin:** 1. Haiku – “Tutubi” ni Gonzalo K. Flores, na kilala rin sa sagisag-panulat na Severino Gerundio. Nailathala sa Liwayway noong Hunyo 5, 1943. Ang tekstong gagamitin ay ang bersiyong nasa sanggunian ng klase: Hila mo’y tabak... Ang bulaklak, nanginig! Sa paglapit mo. 2. Tanka – “Isang Kimono” (halaw sa isang waka o tulang nakapaloob sa The Tale of Genji ni Murasaki Shikibu; gagamitin ang salin at adaptasyong Filipino na inilalahad sa Modyul sa Filipino 8, Yunit 3, Aralin 2, pp. 175, 177, at 181): Isang kimono ngunit dalawang manggas basa sa luha sa’king mag-isang pait sa pagtangi sa iba 3. Tanaga – “Palay” ni Ildefonso Santos. Gagamitin ang pangunahing bersiyong nakasaad sa Modyul sa Filipino 8, Yunit 3, Aralin 1, p. 167: Palay siyang matino Nang humangi’y yumuko, Ngunit muling tumayo, At nagbunga ng ginto. Mga kagamitang nakahanda: Pre-cued audio clips na naglalaman ng interpretatibong pagbasa at mga nakaimprentang transcript; pares ng larawang gagamitin sa bawat estasyon; sipi ng mga tula; maikling Tri-Poem Multimodal Passport Matrix; at preformatted slide template para sa Tri-Poem Multimodal Evidence Slide/Card.
INTENSYON
Kasanayang Pampagkatuto

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 1

Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye ng Haiku, Tanka, at Tanaga, kabilang ang paksa, tinig o pananaw ng persona, estruktura, sukat at tugma kung naaangkop, at mensahe batay sa mga tiyak na detalye ng bawat akda.

Layuning Pampagkatuto

Kaalaman – Natutukoy ang paksa, tinig o pananaw ng persona, mahahalagang detalye, at estruktura ng Haiku ("Tutubi"), Tanka ("Isang Kimono"), at Tanaga ("Palay"), kabilang ang bilang ng taludtod, pantig, at tugma kung naaangkop.

Kasanayan – Nasusuri at naihahambing ang tatlong anyo ng tula sa pamamagitan ng aktuwal na paggamit sa apat na instrumento ng Integrated Multimedia: teksto (pagha-highlight ng tekstuwal na ebidensiya), audio (pakikinig at pagre-replay upang matukoy ang tono, diin, at paghinto), biswal (paghahambing ng mga larawang kaugnay ng tula), at digital output (pag-oorganisa at pagbabahagi ng mga natuklasan sa isang preformatted slide template).

Kaasalan – Nakikilahok nang aktibo sa mga gawaing pangkatan, ginagampanan ang nakatalagang papel sa estasyon, Expert Huddle, at Home Group, at nagpapakita ng paggalang sa mga ideya at pagsusuri ng kapwa mag-aaral.

Pagpapahalaga – Napahahalagahan ang pagiging masining ng pagpapahayag sa iba't ibang anyo ng maikling tula sa pamamagitan ng pagkilala sa mga elementong bumubuo sa kahulugan at mensahe nito.

Konteksto ng Mag-aaral

Batay sa mga natuklasan ng pananaliksik, kailangang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy at pagsusuri ng mga elemento at detalye ng tula. Bilang tugon, gagamitin ang Integrated Multimedia bilang pantulong sa aktibong pagbuo ng kaalaman at hindi lamang bilang palamuti sa pagtuturo. May tiyak na ambag ang bawat midyum: Teksto ang pangunahing ebidensiya para sa mga salita, bilang ng pantig, tugma, detalye, at mensahe; Audio ang pantulong sa pag-unawa sa interpretatibong pagbasa, tono, diin, paghinto, at damdaming maaaring ipahiwatig ng pagbigkas; Biswal ang pantulong sa pagbuo at paghahambing ng mga imahen at posibleng pagpapakahulugan; at Digital Output ang paraan upang maorganisa, maipakita, at maibahagi ang mga natuklasan ng mga mag-aaral.

Bago magsimula ang klase, nakahanda na ang mga audio clip, larawan, sipi ng tula, maikling Passport Matrix, at preformatted slide template upang magamit nang maayos ang oras sa bawat gawain. Sa bawat estasyon, ang mag-aaral na eksperto sa nakatalagang akda ang mangunguna sa pagsusuri, samantalang ang iba pang kasapi ay magbibigay ng obserbasyon at magtatala ng mahahalagang detalye. Pagkatapos ng pag-ikot sa tatlong estasyon, magsasama-sama ang magkakaparehong eksperto sa magkakahiwalay na Expert Huddles upang pagtibayin ang pagsusuri. Pagkatapos nito, babalik sila sa kani-kanilang Home Group upang ituro ang natutuhan at bumuo ng paghahambing sa tatlong anyo ng tula.

DALOY NG KARANASAN SA PAGKATUTO

Panimula ng Aralin (10 minuto)

1. Panalangin, Pagbati, at Pagtatala ng Liban (2 minuto)

Isasagawa ng nakatalagang mag-aaral ang panalangin. Babatiin ng guro ang klase at iuulat ng kalihim ang mga lumiban.

Inaasahang kilos ng mga mag-aaral: Makikilahok sa panalangin, babati sa guro, at makikinig sa ulat ng kalihim

2. Balik-tanaw – Think–Pair–Share (3 minuto)

Ipapakita sa screen ang salitang TULA at ang apat na instrumento ng pagkatuto sa Integrated Multimedia: Teksto, Audio, Biswal, at Digital Output. Mag-iisip muna nang mag-isa ang mga mag-aaral (Think – 30 segundo), makikipagpalitan ng ideya sa katabi (Pair – 1 minuto), at magbabahagi ng kanilang sagot sa klase (Share – 1 minuto at 30 segundo).

Iskrip ng guro: "Sa pagsusuri ng tula, hindi sapat na basahin lamang natin ang mga salita. May iba't ibang kagamitang makatutulong upang mas maunawaan natin ang isang akda. Ang teksto ang pangunahing batayan ng ating pagsusuri; ang audio ay tumutulong upang marinig ang tono at diin; ang biswal ay nagbibigay ng pagkakataong paghambingin ang mga imahen; at ang digital output ay tumutulong upang maorganisa at maibahagi ang ating natuklasan. Paano nagtutulungan ang apat na ito sa pagsusuri ng elemento ng tula?"

Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: "Ang teksto po ang pangunahing batayan namin sa pagtukoy ng mga salita, sukat, tugma, at mensahe. Ang audio ay tumutulong upang marinig ang tono at diin, samantalang ang biswal ay

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 1

nagbibigay ng karagdagang ideya sa mga imaheng inilalarawan. Sa digital output naman po namin maiaayos at maibabahagi ang aming pagsusuri."
3. Pagtatakda ng Pokus at Tungkulin ng Pangkat (5 minuto)
Ipapakita sa screen ang pamagat at buong teksto ng tatlong akda: Haiku – "Tutubi," Tanka – "Isang Kimono," at Tanaga – "Palay." Hahatiin ang klase sa mga Home Group na may tig-tatlong kasapi. Itatalaga ang sumusunod na papel sa bawat pangkat:
• Kasapi A – Eksperto sa Haiku ("Tutubi")
• Kasapi B – Eksperto sa Tanka ("Isang Kimono")
• Kasapi C – Eksperto sa Tanaga ("Palay")
Iskrip ng guro: "Lahat kayo ay iikot sa tatlong estasyon at magbibigay ng obserbasyon sa bawat tula. Mayroon lamang kayong magkakaibang nakatalagang akda kung saan kayo magiging eksperto. Sa estasyon ng inyong nakatalagang tula, kayo ang mangunguna sa mas malalim na pagsusuri. Pagkatapos ng pag-ikot, magsasama-sama ang magkakaparehong eksperto upang pagtibayin ang kanilang pagsusuri. Sa huli, babalik kayo sa inyong Home Group upang ibahagi ang natutuhan sa inyong mga kasapi."
Inaasahang kilos ng mga mag-aaral: Bubuo ng Home Group, tatanggapin ang nakatalagang papel, kukunin ang maikling Tri-Poem Multimodal Passport Matrix, at ihahanda ang sarili sa pag-ikot sa mga estasyon.

Paglinang ng Aralin (40 minuto)
A. GAWAIN – Multimedia Poetry Stations (15 minuto; 5 minuto bawat estasyon)
Iikot ang lahat ng pangkat sa tatlong nakahandang Multimedia Poetry Stations:
• Estasyon 1: Haiku – "Tutubi"
• Estasyon 2: Tanka – "Isang Kimono"
• Estasyon 3: Tanaga – "Palay"
Sa bawat estasyon, ang nakatalagang eksperto sa akda ang mangunguna sa pagsusuri. Ang iba pang kasapi ay magbibigay ng obserbasyon, sasagot sa mga gabay na tanong, at magtatala sa kanilang Passport Matrix. Susundin ang sumusunod na takdang oras:
• 1 minuto – Teksto: Basahin ang tula at i-highlight ang mahalagang salita o taludtod.
• 2 minuto – Pagsusuri: Suriin ang estruktura, bilang ng pantig, tugma kung mayroon, at tinig o pananaw ng persona.
• 1 minuto – Audio: Pakinggan ang pre-cued audio clip at tukuyin ang tono, diin, o paghinto sa pagbasa.
• 1 minuto – Biswal at Tala: Ihambing ang nakahandang pares ng larawan at kumpletuhin ang kaugnay na bahagi ng Passport Matrix.
Iskrip ng guro: "Sundin ang takdang oras na 1-2-1-1 minuto sa bawat estasyon. Basahin at i-highlight muna ang mahalagang salita o taludtod. Pagkatapos, suriin ang estruktura, pantig, tugma, at tinig ng tula. Pakinggan ang audio upang matukoy ang tono at diin. Panghuli, paghambingin ang mga larawan at itala ang inyong obserbasyon. Tandaan na ang teksto ang pangunahing ebidensiya sa pagsusuri; ang audio at biswal ay mga pantulong sa pag-unawa."
Inaasahang kilos at output ng mga mag-aaral: Makikilahok ang bawat kasapi sa pagsusuri at pupunan ang Passport Matrix para sa tatlong tula. Gagamitin ang sumusunod na gabay sa pagsusuri:
Haiku – "Tutubi"
Estruktura: 3 taludtod na may sukat na 5-7-5 sa bersiyong Filipino.
Bilang ng pantig: Hi-la mo'y ta-bak (5) / Ang bu-lak-lak, na-ngi-nig (7) / Sa pag-la-pit mo (5).
Tugma: Walang tiyak na tugma sa hulihan ng mga taludtod.
Tinig o pananaw: Tinig ng nagsasalita na tumutukoy sa isang kinakausap sa pamamagitan ng salitang "mo."
Inilalarawan nito ang paglapit ng tutubi at ang reaksiyon ng bulaklak.
Paksa o detalye: Paglapit ng tutubi at panginginig ng bulaklak.
Posibleng mensahe o pagpapakahulugan: Maaaring magpahiwatig ng tensiyon, pangamba, o kakaibang epekto ng paglapit ng tutubi ang mga salitang "tabak" at "nanginig." Kailangang iugnay ang pagpapakahulugan sa mismong teksto.
Tanka – "Isang Kimono"
Estruktura: 5 taludtod na may bilang na 5-7-5-7-7 sa kasalukuyang bersiyong Filipino.
Bilang ng pantig: I-sang ki-mo-no (5) / ngu-nit da-la-wang mang-gas (7) / ba-sa sa lu-ha (5) / sa'-king mag-i-sang pa-it (7) / sa pag-ta-ngi sa i-ba (7).

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 1

Paglilinaw sa sukat: Ang 31 pantig na ito ay bilang para sa salin o adaptasyong Filipino. Hindi ito dapat ituring na direktang katumbas ng orihinal na bilang ng tunog o morae sa wikang Hapon.
Tugma: Walang pare-parehong tugmaan sa hulihan ng mga taludtod; hindi kailangang ipilit ang tugma bilang pangunahing katangian ng Tanka.
Tinig o pananaw: Unang panauhang tinig na makikita sa paggamit ng "sa'king."
Paksa o detalye: Kimono, dalawang manggas na basa sa luha, at damdamin ng pait at pag-iisa.
Posibleng mensahe o pagpapakahulugan: Maaaring magpahayag ng lungkot, pag-iisa, at masalimuot na damdamin ang mga larawang ginamit sa tula.
Tanaga – "Palay"
Estruktura: 4 na taludtod na may sukat na 7-7-7-7.
Bilang ng pantig: Pa-lay si-yang ma-ti-no (7) / Nang hu-ma-ngi'y yu-mu-ko (7) / Ngu-nit mu-ling tu-ma-yo (7) / At nag-bu-nga ng gin-to (7).
Tugma: May tugmaang patinig na /o/ sa hulihan ng apat na taludtod (AAAA): matino, yumuko, tumayo, at ginto.
Tinig o pananaw: Tinig na naglalarawan sa palay at sa kilos nito; ang palay ang pangunahing inilalarawang paksa ng tula.
Paksa o detalye: Pagyuko ng palay kapag hinahangin, muling pagtayo, at pamumunga.
Posibleng mensahe o pagpapakahulugan: Maaaring iugnay ang pagyuko ng palay sa kababaang-loob at ang muling pagtayo at pamumunga sa katatagan at tagumpay.

B. PAGSUSURI – Expert Huddle at Quick Think–Pair–Share (10 minuto)

1. Expert Huddle (6 minuto)

Pagkatapos ng pag-ikot, magsasama-sama ang mga eksperto sa magkakahiwalay na pangkat: lahat ng Kasapi A para sa Haiku, lahat ng Kasapi B para sa Tanka, at lahat ng Kasapi C para sa Tanaga. Gagamitin nila ang kanilang Passport Matrix upang pagtibayin ang pagsusuri sa nakatalagang tula sa tulong ng mga sumusunod na gabay na tanong:
1. Anong tinig o pananaw ang ipinakikita sa inyong nakatalagang tula? Anong salita o taludtod ang nagpapatunay rito?
2. Anong detalye sa tula ang nagpapakita ng paksa nito?
3. Anong mensahe ang maaaring mabuo mula sa mga detalyeng nabanggit?
Iskrip ng guro: "Magsama-sama ngayon ang magkakaparehong eksperto. Gamitin ang inyong mga tala upang pagtibayin ang pagsusuri sa nakatalagang tula. Tiyaking may tekstuwal na patunay ang bawat sagot. Pag-ugnayin din ang inyong obserbasyon sa audio at biswal, ngunit huwag hayaang mapalitan ng mga ito ang kahulugan at ebidensiyang makikita sa mismong teksto."
Inaasahang sagot at output ng mga mag-aaral: Makabubuo ang bawat Expert Huddle ng isang Master Multimodal Evidence Sheet na naglalaman ng:
• Naka-highlight na salita o taludtod na nagsisilbing tekstuwal na ebidensiya;
• Aktuwal na bilang ng pantig at paglalarawan sa tugma kung mayroon;
• Tinig o pananaw na may kaugnay na patunay mula sa tula;
• Tala tungkol sa tono o diin na narinig sa audio; at
• Paliwanag kung paano nakatutulong ang napiling larawan sa pag-unawa
sa imahen o posibleng pagpapakahulugan sa tula.

2. Quick Think–Pair–Share (4 minuto)

Sa loob ng bawat Expert Huddle, magkapareha ang mga mag-aaral upang magsanay sa maikling pagpapaliwanag ng kanilang nakatalagang tula. Bibigyan ang bawat mag-aaral ng dalawang minuto upang magsalita at magpaliwanag sa kapareha.
Iskrip ng guro: "Magkapareha kayo sa loob ng inyong Expert Huddle. Ang unang mag-aaral ay bibigyan ng dalawang minuto upang ipaliwanag ang mahahalagang elemento ng tula. Pagkatapos, ang ikalawang mag-aaral naman ang magpapaliwanag sa loob ng dalawang minuto. Gumamit ng tiyak na salita o taludtod bilang patunay at banggitin kung paano nakatulong ang audio at biswal sa inyong pagsusuri."
Inaasahang sagot o kilos ng mga mag-aaral: Magpapalitan ng paliwanag ang bawat magkapareha. Gagamit sila ng tekstuwal na patunay, aktuwal na bilang ng pantig o tugma kung naaangkop, at obserbasyon sa tono o biswal upang maipaliwanag ang kanilang pagsusuri.

C. PAGLALAHAT – Student-Led Annotated Digital Evidence Map (6 minuto)

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 1

Pamumunuan ng mga kinatawan ng tatlong Expert Huddles ang pagbuo ng isang Annotated Digital Evidence Map sa screen o pisara. Gagamitin ang sumusunod na ugnayan:
TEKSTO (pangunahing ebidensiya: salita, sukat, tugma, at detalye) + AUDIO (pantulong sa interpretatibong pagbasa: tono, diin, at paghinto) + BISWAL (pantulong sa paghahambing ng mga imahen) → PAGSUSURI SA MGA ELEMENTO → PAKSA AT MENSAHE.
Iskrip ng guro: "Batay sa inyong pagsusuri sa tatlong tula, paano nagtulungan ang teksto, audio, at biswal upang matukoy ang mga elemento at detalye ng bawat akda? Paano ninyo natiyak na ang teksto pa rin ang pangunahing batayan ng inyong pagsusuri?"
Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: "Ginamit po namin ang teksto bilang pangunahing batayan sa pagtukoy ng mga salita, pantig, tugma, at detalye ng tula. Nakatulong ang audio upang marinig ang tono, diin, at paghinto sa pagbasa, samantalang ang biswal ay nagbigay ng pagkakataong paghambingin ang mga imahen. Pinag-ugnay po namin ang mga ito upang mas maunawaan ang paksa at mensahe ng bawat tula."

D. PAGLALAPAT – Home Group: Peer Teaching at Pagpupuno sa Preformatted Slide Template (9 minuto)

Babalik ang mga mag-aaral sa kani-kanilang Home Group, kung saan magkakasama ang eksperto sa Haiku, Tanka, at Tanaga. Magsasagawa sila ng Peer Teaching sa loob ng anim na minuto, na may tig-dalawang minuto para sa bawat eksperto. Pagkatapos, gagamitin ang natitirang tatlong minuto upang punan ang nakahandang Tri-Poem Multimodal Evidence Slide/Card.

Ang slide template ay may nakahandang bahagi para sa:

1. Isang mahalagang elemento ng bawat tula;
2. Isang tiyak na tekstuwal na patunay para sa bawat tula; at
3. Isang maikling paghahambing sa tatlong anyo.

Iskrip ng guro: "Sa inyong Home Group, pakinggan ang paliwanag ng bawat eksperto. Mayroon kayong dalawang minuto para sa bawat isa. Pagkatapos ng pagbabahagi, punan ang nakahandang slide template. Ilagay lamang ang isang mahalagang elemento at isang tekstuwal na patunay para sa bawat tula, at bumuo ng maikling paghahambing sa tatlong anyo."
Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang napunang Tri-Poem Multimodal Evidence Slide/Card, digital man o nakaimprentang katumbas, na nagpapakita ng mahahalagang elemento at tekstuwal na patunay para sa Haiku ("Tutubi"), Tanka ("Isang Kimono"), at Tanaga ("Palay"), kasama ang maikling paghahambing sa tatlong anyo.

Mga Kagamitang Pampagkatuto

• Laptop, projector o Smart TV, at mga tablet o device para sa tatlong estasyon na may pre-cued audio clips at replay controls.
• Malalaki at malinaw na sipi ng Haiku na "Tutubi," Tanka na "Isang Kimono," at Tanaga na "Palay," kasama ang digital o nakaimprentang kagamitan sa pag-highlight at pag-annotate.
• Pre-cued audio recording ng tatlong tula bilang interpretatibong pagbasa, kasama ang nakaimprentang transcript.
• Nakahandang pares ng larawan sa bawat estasyon para sa paghahambing.
• Speaker o headphones, maikling Tri-Poem Multimodal Passport Matrix na may gabay na tanong at sentence starters, Role Badges, at preformatted slide template para sa Tri-Poem Multimodal Evidence Slide/Card.
• Alternatibo kung walang kuryente o internet: Nakaimprentang station cards at sipi ng tatlong tula; transcript ng audio; nakatalagang tagabasa na maaaring umulit sa pagbasa ng piling taludtod nang may kontroladong paghinto at diin; colored strips o highlighter; nakaimprentang pares ng larawan; at preformatted manila paper slide template.

Mga Oportunidad para sa Integrasyon

Araling Panlipunan – Pag-uugnay ng panitikan sa panahong pinagmulan at kalagayang panlipunan ng mga akda.
Musika – Pagsusuri sa tono, diin, ritmo, paghinto, at damdaming naipahahayag sa masining na pagbasa.
Sining Biswal – Paghahambing ng mga larawan at imahen bilang pantulong sa pag-unawa sa ideya at pagpapakahulugan sa tula.

PAGTATAYA

Pormatibong Pagtataya (10 minuto)

Indibidwal na Pormatibong Pagtataya – "Patunayan ang Iyong Pagbasa sa Tatlong Anyo" (10 minuto)
Panuto: Pupunan ng bawat mag-aaral ang Tri-Poem Multimodal Exit Matrix sa kalahating papel. Sasagutin ang mga sumusunod:

Banghay-Aralin 1
1. Magbigay ng isang mahalagang elemento o mensahe para sa bawat tula—Haiku (“Tutubi”), Tanka (“Isang Kimono”), at Tanaga (“Palay”). 2. Magbigay ng isang tiyak na salita o taludtod mula sa bawat tula bilang tekstuwal na patunay. 3. Sumulat ng isa hanggang dalawang pangungusap na naghahambing sa pagkakatulad o pagkakaiba ng tatlong anyo. 4. Sumulat ng isa hanggang dalawang pangungusap na nagpapaliwanag kung paano nakatulong ang teksto bilang pangunahing ebidensiya at ang audio at biswal bilang mga pantulong sa pagsusuri. Iskrip ng guro: “Sa loob ng sampung minuto, itala ang isang mahalagang elemento o mensahe at isang tiyak na tekstuwal na patunay para sa bawat isa sa tatlong tula. Pagkatapos, paghambingin ang mga anyo at ipaliwanag kung paano nakatulong ang teksto, audio, at biswal sa inyong pagsusuri. Tiyaking may patunay mula sa mismong tula ang inyong mga sagot.” Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang indibidwal na Tri-Poem Multimodal Exit Matrix na naglalaman ng tig-isang elemento o mensahe at tekstuwal na patunay para sa tatlong tula, maikling paghahambing sa mga ito, at paliwanag sa ambag ng Integrated Multimedia sa pagsusuri. **Pamantayan sa Pagmamarka:**
MGA SUSUNOD NA HAKBANG
Pinalawak na Oportunidad sa Pagkatuto Pumili ng isang paksa mula sa kalikasan o pang-araw-araw na buhay at sumulat ng isang maikling tula na maaaring nasa anyong Haiku, Tanka, o Tanaga. Lagyan ito ng simpleng guhit o sariling kuhang larawan at maikling gabay sa pagbigkas na nagpapakita kung saan hihinto o magbibigay-diin. Sa dalawa hanggang tatlong pangungusap, ipaliwanag kung paano nakatutulong ang larawan at tinig sa pagpapahayag ng mensahe ng tula nang hindi napapalitan ang kahulugan at halaga ng mga salita. Maaaring gumamit ng papel at iba pang payak na kagamitan; hindi kinakailangang gumamit ng internet o mamahaling kagamitan.
Mga Pagninilay (Itatala ng guro pagkatapos ng klase.)

Banghay-Aralin 2

Talahanayan 14. Lampas sa Literal: Pagpapakahulugan sa Pahiwatig, Simbolo, Talinghaga, at Larawang-diwa sa Pamamagitan ng Integrated Multimedia

Banghay-Aralin 2
Pangalan ng Banghay-Aralin Lampas sa Literal: Pagpapakahulugan sa Pahiwatig, Simbolo, Talinghaga, at Larawang-diwa sa Pamamagitan ng Integrated Multimedia
Asignatura/Termino/ Linggo/Araw FILIPINO 8 / TERMINO 2 / LINGGO 3 / ARAW 2
Mga Sanggunian Para sa modyul, pahina, may-akda, at buong sipi ng “Tutubi,” “Isang Kimono,” at “Palay,” tingnan ang Mga Sanggunian sa Banghay-Aralin 1. Mga kagamitang nakahanda: Pre-cued audio ng masining na pagbasa at nakaimprentang transcript; pares ng larawang pantulong sa split-screen; Tri-Poem Interpretation Lab Log na may checkboxes at maiikling sagutan; 4-Concept Multimodal Meaning Organizer; preformatted Tri-Poem Split-Screen Comparison Sheet; at preprinted Tri-Poem Interpretation Matrix para sa pagtataya.
INTENSYON
Kasanayang Pampagkatuto Naipapaliwanag ang kahulugan at damdaming nakapaloob sa Haiku, Tanka, at Tanaga, kabilang ang pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa, batay sa mga detalye ng bawat akda.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 2

Layuning Pampagkatuto

Kaalaman – Natutukoy at naipagkakaiba ang pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa sa Haiku ("Tutubi"), Tanka ("Isang Kimono"), at Tanaga ("Palay") batay sa literal at di-literal na kahulugan ng mga salita at pahayag.

Kasanayan – Nakabubuo at nakapagpapaliwanag ng interpretasyong may sapat na batayan sa teksto tungkol sa mga piling salita o taludtod ng tatlong tula sa pamamagitan ng paggamit sa teksto bilang pangunahing ebidensiya at sa audio, biswal, at digital output bilang pantulong sa pagsusuri at pagbabahagi ng interpretasyon.

Kaasalan – Nakikinig at gumagalang sa magkakaibang interpretasyon ng mga kamag-aral at nagbibigay ng sariling paliwanag na may batayan sa teksto.

Pagpapahalaga – Napahahalagahan ang masining at di-tuwirang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at kaisipan sa iba't ibang anyo ng tula.

Konteksto ng Mag-aaral

Batay sa resulta ng pananaliksik, ang pagpapaliwanag sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa ay nangangailangan ng higit na pagpoproseso kaysa sa literal na pag-unawa. Dahil dito, gagamitin ang mga gawain upang mahikayat ang mga mag-aaral na magbigay ng interpretasyon at patunayan ito sa pamamagitan ng mga salita o taludtod mula sa tula.

Sa pagsusuri, mahalagang pag-ibahin ang mga sumusunod:

• Larawang-diwa – imaheng nabubuo sa isip ng mambabasa mula sa mga salitang tumutukoy sa karanasan ng pandama: paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandamdam. Maaari ring makabuo ng imaheng kilos o galaw ang mga salitang gaya ng panginginig, pagyuko, at pagtayo.

• Talinghaga – masining at di-tuwirang pagpapahayag na nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa isang salita o pahayag.

• Simbolo – isang bagay, tao, o pangyayaring maaaring kumatawan sa mas malawak na ideya o kahulugan batay sa konteksto.

• Pahiwatig – di-tuwirang mensahe o kahulugang maaaring mahinuha mula sa mga detalye ng akda.

Magkakaugnay ang simbolo at talinghaga, ngunit hindi sila magkapareho. Hindi rin kailangang piliting maghanap ng apat na konsepto sa bawat tula kung hindi malinaw na sinusuportahan ng teksto ang mga ito. Maaaring magbigay ang mga mag-aaral ng isang interpretasyon lamang kung iyon ang may sapat na batayan. Sa lahat ng gawain, teksto ang pangunahing ebidensiya; ang audio at biswal ay pantulong sa pagbuo at pagpapalalim ng interpretasyon. Ang mga posibleng pagsusuri ng guro ay gagamitin lamang pagkatapos ng sariling pagsusuri ng mga mag-aaral.

DALOY NG KARANASAN SA PAGKATUTO

Panimula ng Aralin (10 minuto)

1. Panalangin, Pagbati, at Pagtatala ng Liban (2 minuto)

Pangungunahan ng nakatalagang mag-aaral ang panalangin at iuulat ng kalihim ang mga lumiban.

Inaasahang kilos ng mga mag-aaral: Makikilahok sa panalangin, babati sa guro, at makikinig sa ulat ng kalihim.

2. Balik-aral – Think–Pair–Share: Apat na Konsepto ng Pagpapakahulugan (3 minuto)

Ipapakita sa screen ang mga pariralang "basa sa luha" at "mag-isang pait" mula sa Tanka na "Isang Kimono," kasabay ng apat na konsepto: pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa. Mag-iisip nang mag-isa ang mga mag-aaral sa loob ng 30 segundo, makikipagpalitan ng ideya sa kapareha sa loob ng isang minuto, at magbabahagi sa klase sa natitirang oras.

Iskrip ng guro: "Kapag nabasa ninyo ang 'basa sa luha' at 'mag-isang pait,' anong larawan o damdamin ang nabubuo sa inyong isip? Alin sa mga parirala ang may literal na kahulugan at alin ang maaaring magkaroon ng di-literal na kahulugan? Ipaliwanag ang inyong sagot."

Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: "Ang 'basa sa luha' po ay lumilikha ng larawang-diwa dahil naiisip natin ang mga manggas na nabasa ng luha. Ang 'mag-isang pait' naman po ay maaaring iturin na talinghaga dahil ang pait ay tumutukoy sa panlasa ngunit ginagamit upang ipahayag ang masakit na damdamin. Maaari rin itong maging pahiwatig ng kalungkutan o pag-iisa."

3. Pagganyak at Pagtatakda ng Tungkulin – Tunog, Salita, at Maraming Kahulugan (5 minuto)

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 2

Ipapakita ang mga pamagat ng tatlong tula: “Tutubi,” “Isang Kimono,” at “Palay,” kasabay ng maikling pre-cued audio clip at dalawang larawang maaaring magbunga ng magkakaibang interpretasyon. Hahatiin ang klase sa Home Groups na may tatlong kasapi. Itatalaga ang sumusunod na papel:
• Lab Analyst 1: Eksperto sa Haiku – “Tutubi”
• Lab Analyst 2: Eksperto sa Tanka – “Isang Kimono”
• Lab Analyst 3: Eksperto sa Tanaga – “Palay”
Iskrip ng guro: “Ngayong araw, papasok kayo sa ating Interpretation Lab. Iikot ang lahat ng Home Groups sa tatlong Lab Bench upang suriin ang pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa sa tatlong tula. Gagamitin ninyo ang teksto bilang pangunahing ebidensiya at ang audio at biswal bilang pantulong. Hindi kailangang piliting hanapin ang lahat ng konsepto sa bawat tula.”
Inaasahang kilos ng mga mag-aaral: Bubuo ng Home Group, tatanggapin ang kani-kanilang tungkulin, kukunin ang Tri-Poem Interpretation Lab Log, at magbibigay ng paunang obserbasyon tungkol sa ipinakitang tunog at larawan.

Paglinang ng Aralin (40 minuto)
A. GAWAIN – Interpretation Lab: Pag-ikot sa Tatlong Lab Bench (15 minuto; 5 minuto bawat bench)
Iikot ang lahat ng Home Groups sa tatlong Lab Bench:
• Bench 1: Haiku – “Tutubi”
• Bench 2: Tanka – “Isang Kimono”
• Bench 3: Tanaga – “Palay”
Sa bawat bench, ang nakatalagang Lab Analyst ang mangunguna sa pagsusuri sa kaniyang espesyalistang tula. Ang iba pang kasapi ay magbibigay ng obserbasyon at magtatala sa kanilang sariling Lab Log Matrix. Susundin ang sumusunod na takdang oras:
• 1 minuto – Teksto: Basahin ang tula at i-highlight ang salita o taludtod na maaaring may malalim o di-tuwirang kahulugan.
• 2 minuto – Konsepto: Lagyan ng tsek ang mga konseptong malinaw na matatagpuan sa tula at isulat ang maikling paliwanag.
• 1 minuto – Audio: Pakinggan ang pre-cued audio upang itala ang tono, diin, paghinto, o damdaming maaaring makatulong sa interpretasyon.
• 1 minuto – Biswal: Paghambingin ang dalawang larawan at itala kung paano nakatutulong ang mga ito sa pagbuo ng imahen o pagpapakahulugan.
Iskrip ng guro: “Iikot ang lahat ng Home Groups sa tatlong Lab Bench, limang minuto bawat bench. Sa bawat estasyon, ang nakatalagang Lab Analyst ang mangunguna sa pagsusuri sa kaniyang espesyalistang tula. Ang iba pang kasapi ay magbibigay ng obserbasyon. I-highlight ang salita o taludtod na inyong susuriin at gamitin ang pariralang ‘maaaring ipakahulugan’ kung nagpapahayag kayo ng posibleng kahulugan. Tiyaking may batayan sa teksto ang inyong sagot.”
Inaasahang kilos at output ng mga mag-aaral: Pupunan ng bawat mag-aaral ang Tri-Poem Interpretation Lab Log para sa tatlong tula. Maglalaman ito ng mga naka-highlight na salita o taludtod, mga konseptong natukoy, maikling paliwanag, obserbasyon sa audio, at tala sa paghahambing ng mga larawan.
B. PAGSUSURI – Expert Huddle at Think–Pair–Share: Pagpapalalim at Pagpoproseso (10 minuto)
1. Expert Huddle (6 minuto)
Pagkatapos ng pag-ikot, magsasama-sama ang magkakaparehong Lab Analysts: lahat ng eksperto sa Haiku, lahat ng eksperto sa Tanka, at lahat ng eksperto sa Tanaga. Gagamitin nila ang kanilang Lab Log Matrix upang pag-usapan ang mga interpretasyon at pumili ng isang salita o taludtod na may mahalagang kahulugan.
Gagamitin ang sumusunod na apat na hakbang sa pagpapakahulugan:
1. Tukuyin kung ang sinusuri ay pahiwatig, simbolo, talinghaga, o larawang-diwa.
2. Ilarawan ang literal na kahulugan o imaheng nabubuo sa isip.
3. Magbigay ng posibleng interpretasyon o mga interpretasyon kung may sapat na batayan.
4. Patunayan ang interpretasyon gamit ang salita, taludtod, o konteksto ng buong tula.
Iskrip ng guro: “Sa inyong Expert Huddle, paghambingin ang inyong mga paliwanag. Pumili ng isang salita o taludtod na nais ninyong bigyang-kahulugan. Maghanda ng dalawang posibleng interpretasyon kung sinusuportahan ito ng kabuuang tula. Kung iisa lamang ang may sapat na batayan, ipaliwanag kung bakit iyon ang pinili ninyo.”

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 2

Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang 4-Concept Multimodal Meaning Organizer na naglalaman ng piling salita o taludtod, literal na kahulugan, posibleng interpretasyon, konseptong tinutukoy, at tekstuwal na patunay.
2. Think–Pair–Share Evidence Critique at Pagpoproseso ng Guro (4 minuto)
Magkapareha ang mga mag-aaral sa loob ng kanilang Expert Huddle upang suriin kung malinaw ang pagkakaiba ng larawang-diwa, talinghaga, simbolo, at pahiwatig sa kanilang napiling halimbawa. Pagkatapos ng sariling pagsusuri, magbibigay ang guro ng paglilinaw gamit ang mga sumusunod na posibleng pagsusuri.
Mga posibleng pagsusuri at gabay na sagot para sa guro:
(Hindi kailangang lumitaw ang lahat ng konsepto sa bawat tula. Tanggapin ang iba pang interpretasyon kung may malinaw na tekstuwal na ebidensiya at lohikal na paliwanag.)
Haiku – "Tutubi"
• Ang "Ang bulaklak, nanginig!" ay lumilikha ng larawang-diwa sa paningin at imaheng kilos o galaw sa pamamagitan ng salitang "nanginig."
• Ang "tabak" ay maaaring ipakahulugan bilang paghahambing sa hugis o talas ng isang bagay, o kaya ay simbolo ng panganib o kapangyarihan, kung susuportahan ng paliwanag ang kabuuang tula.
• Ang mga salitang "tabak" at "nanginig" ay maaaring magpahiwatig ng tensiyon, pag-iingat, o pangamba.
Tanka – "Isang Kimono"
• Ang "dalawang manggas / basa sa luha" ay lumilikha ng larawang-diwa sa paningin at pandamdam.
• Ang "mag-isang pait" ay maaaring ituring na talinghaga dahil ginagamit ang salitang "pait" upang ipahayag ang masakit na damdamin.
• Ang "kimono" ay maaaring ipakahulugan bilang simbolo ng alaala o ugnayan, ngunit kailangang patunayan ito batay sa konteksto ng bersiyong Filipino.
• Ang luha at pait ay maaaring magpahiwatig ng lungkot, pangungulila, o masalimuot na damdamin.
Tanaga – "Palay"
• Ang pagyuko at muling pagtayo ng palay ay lumilikha ng larawang-diwa sa paningin at imaheng kilos o galaw.
• Ang palay ay maaaring ipakahulugan bilang simbolo ng taong mapagkumbaba o matatag.
• Ang "nagbunga ng ginto" ay maaaring ituring na talinghaga na nagpapahayag ng mabuting bunga o tagumpay.
• Ang pagyuko, pagtayo, at pamumunga ay maaaring magpahiwatig ng pagpapakumbaba, katatagan, at pagsisikap.
Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: "Ang larawang-diwa po ay imaheng nabubuo sa isip mula sa mga salitang tumutukoy sa pandama. Maaari ring makabuo ng imaheng kilos ang mga salitang gaya ng panginginig, pagyuko, at pagtayo. Ang simbolo at pahiwatig naman ay kailangang ipaliwanag batay sa kabuuang tula. Hindi po sapat na magbigay lamang ng kahulugan kung walang tekstuwal na patunay."
C. PAGLALAHAT – Student-Led Annotated Interactive Meaning Map (6 minuto)
Pamumunuan ng mga kinatawan ng tatlong Expert Huddles ang pagbuo ng Annotated Interactive Meaning Map sa screen o pisara. Gagamitin ang sumusunod na ugnayan:
TEKSTO (Pangunahing Ebidensiya) + AUDIO/BISWAL (Pantulong sa Pagbuo ng Imahen at Tono) → PAGTUKOY SA KONSEPTO → INTERPRETASYONG MAY BATAYAN SA TEKSTO.
Ilalagay sa mapa ang apat na konsepto: pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa, kasama ang mga halimbawang napatunayan ng mga mag-aaral mula sa tatlong tula.
Iskrip ng guro: "Paano nagkakaiba ang imaheng pandama at imaheng kilos o galaw sa larawang-diwa? Bakit mahalagang ibatay sa kabuuang teksto ang interpretasyon ng simbolo at pahiwatig?"
Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: "Ang imaheng pandama ay nabubuo mula sa mga salitang tumutukoy sa paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandamdam. Ang imaheng kilos o galaw naman ay maaaring mabuo mula sa mga salitang gaya ng panginginig, pagyuko, at pagtayo. Mahalaga pong basahin ang kabuuang tula upang hindi kami magbigay ng kahulugang walang sapat na batayan."
D. PAGLALAPAT – Home Group: Peer Teaching at Pagbuo ng Tri-Poem Split-Screen Comparison Sheet (9 minuto)
Babalik ang mga eksperto sa kanilang Home Groups upang ibahagi ang natuklasan mula sa Expert Huddle.
• Peer Teaching (3 minuto; 1 minuto bawat eksperto): Ipapaliwanag ng bawat eksperto ang napiling salita o taludtod, ang konseptong tinutukoy, at ang tekstuwal na patunay.
• Pagbuo ng Comparison Sheet (6 minuto): Gagamitin ng pangkat ang preformatted Tri-Poem Split-Screen Comparison Sheet upang pagsama-samahin ang mga pagsusuri sa Haiku, Tanka, at Tanaga. Itatala ang piling salita o taludtod, posibleng interpretasyon, at patunay mula sa kabuuang teksto.

Banghay-Aralin 2

Iskrip ng guro: "Mayroon kayong tatlong minuto para sa Peer Teaching—tig-isang minuto bawat eksperto. Pagkatapos, gamitin ang anim na minuto upang punan ang inyong Comparison Sheet. Tiyaking malinaw kung anong konsepto ang tinutukoy at kung anong salita o taludtod ang sumusuporta sa inyong interpretasyon."
Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang napunang Tri-Poem Split-Screen Comparison Sheet na naglalaman ng pagsusuri sa tatlong tula, piling salita o taludtod, konseptong tinutukoy, at interpretasyong may tekstuwal na patunay.

Mga Kagamitang Pampagkatuto

• Laptop, projector o Smart TV, at speaker.
• Malalaki at malinaw na sipi ng tatlong tula at mga digital o nakaimprentang kagamitan sa pag-highlight.
• Pre-cued audio recording ng masining na pagbasa at nakaimprentang transcript.
• Nakahandang pares ng larawan sa bawat Lab Bench.
• Tri-Poem Interpretation Lab Log, 4-Concept Multimodal Meaning Organizer, preformatted Tri-Poem Split-Screen Comparison Sheet, at preprinted Tri-Poem Interpretation Matrix.
• Alternatibo kung walang kuryente o internet: Nakaimprentang sipi ng mga tula, audio transcript, nakalamina o nakaimprentang pares ng larawan, colored strips o highlighter, nakatalagang tagabasa, at manila paper templates.

Mga Oportunidad para sa Integrasyon

Sining Biswal – Paghahambing ng mga imahen at pagsusuri sa posibleng simbolo.
Musika – Pag-unawa sa damdamin sa pamamagitan ng tono, diin, at paghinto sa pagbasa.
Edukasyon sa Pagpapakatao – Paggalang sa magkakaibang pananaw at damdaming ipinahahayag nang di-tuwiran.

PAGTATAYA
(Huling 10 Minuto)

Pormatibong Pagtataya (10 minuto)

Indibidwal na Pormatibong Pagtataya – "Ipaliwanag at Patunayan ang Apat na Konsepto" (10 minuto)
Gamit ang preprinted Tri-Poem Interpretation Matrix, magbibigay ang bawat mag-aaral ng tig-isang halimbawa mula sa alinman sa tatlong tula para sa sumusunod:
1. Pahiwatig
2. Simbolo
3. Talinghaga
4. Larawang-diwa

Para sa bawat halimbawa, isusulat ang pamagat ng tula, tiyak na salita o taludtod, at isang maikling paliwanag. Hindi kailangang magmula sa magkakaibang tula ang apat na halimbawa. Hindi rin kailangang taglay ng bawat tula ang lahat ng konsepto. Para sa simbolo at pahiwatig, maaaring gamitin ang pariralang "maaaring ipakahulugan" kung ang interpretasyon ay may sapat na batayan.
Sa huling bahagi ng matrix, magbibigay ang mag-aaral ng isa hanggang dalawang pangungusap na nagpapaliwanag kung paano nakatulong ang teksto bilang pangunahing ebidensiya at ang audio at biswal bilang pantulong sa pagsusuri.
Iskrip ng guro: "Sa loob ng sampung minuto, magbigay ng tig-isang halimbawa para sa pahiwatig, simbolo, talinghaga, at larawang-diwa. Isulat ang pamagat ng tula, eksaktong salita o taludtod, at maikling paliwanag. Pagkatapos, ipaliwanag sa isa hanggang dalawang pangungusap kung paano nakatulong ang audio at biswal sa inyong pagsusuri."
Inaasahang output ng mga mag-aaral: Kumpletong Tri-Poem Interpretation Matrix na may apat na halimbawa, pamagat ng tula, tekstuwal na patunay, paliwanag sa bawat konsepto, at maikling paglalarawan sa ambag ng audio at biswal.

Pamantayan sa Pagmamarka:

• Tamang pagkilala sa apat na konsepto – 4 puntos (1 punto bawat konsepto).
• Angkop na tekstuwal na patunay at maikling paliwanag – 4 puntos (1 punto bawat konsepto).
• Malinaw na paliwanag sa tulong ng audio at biswal – 2 puntos.
Kabuuan: 10 puntos.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Pinalawak na Oportunidad sa Pagkatuto

Banghay-Aralin 2
Pumili ng isang bagay o larawan sa inyong tahanan na maaaring kumatawan sa isang pangarap, alaala, o pagpapahalaga. Iguhit o kunan ito ng larawan. Sumulat ng tatlo hanggang apat na pangungusap na naglalaman ng literal na paglalarawan, posibleng kahulugang sinasagisag nito, at dahilan kung bakit angkop ang interpretasyon. Iugnay ang paliwanag sa isang salita o ideya mula sa Haiku, Tanka, o Tanaga na tinalakay.
Mga Pagninilay

Banghay-Aralin 3

Talahanayan 15. Tula Bilang Salamin ng Panahon: Pagsusuri sa Kultural at Pangkasaysayang Konteksto sa Pamamagitan ng Integrated Multimedia

Banghay-Aralin 3
Pangalan ng Banghay-Aralin Tula Bilang Salamin ng Panahon: Pagsusuri sa Kultural at Pangkasaysayang Konteksto sa Pamamagitan ng Integrated Multimedia
Asignatura/Termino/ Linggo/Araw FILIPINO 8 / TERMINO 2 / LINGGO 3 / ARAW 3
Mga Sanggunian Para sa modyul, pahina, may-akda, at buong sipi ng “Tutubi,” “Isang Kimono,” at “Palay,” tingnan ang Mga Sanggunian sa Banghay-Aralin 1. **Mga sangguniang pangkasaysayan at pangkultura:** • Florinda D. Mateo, The Philippine Guerilla Movement and Counterpropaganda During World War II, Plaridel, 3:2 (Agosto 2006), para sa impormasyon tungkol sa Manila Sinbun-sya at sa pamamahala nito sa mga publikasyon, kabilang ang Liwayway. • Mga mapagkakatiwalaang sanggunian tungkol sa tradisyong waka sa Japan, kabilang ang Manyōshū at Kokinshū, at sa The Tale of Genji ni Murasaki Shikibu. • Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr., Tulang Bayan, Komisyon sa Wikang Filipino, para sa kasaysayan ng Tanaga, pagkalap nito noong ika-18 siglo, at muling paglikha ni Ildefonso Santos. • Modyul sa Filipino 8 para sa talakay tungkol sa muling pagsigla ng Tanaga noong Panahon ng Hapon. Mga kagamitang nakahanda: Tatlong Student Source Packets na naglalaman ng sipi, larawan, dokumento, petsa, metadata, sanggunian, at gabay na tanong; Source Classification Checklist; Source Investigation Log; Multimodal Claim-Evidence-Reasoning (CER) Sheet; prewritten evidence strips o information cards; Teacher's Guide; at preformatted exhibit board template na may tatlong bahagi.
INTENSYON
Kasanayang Pampagkatuto Nasusuri ang kultural na elemento at konteksto ng Haiku, Tanka, at Tanaga batay sa mga detalye ng bawat akda at sa mapagkakatiwalaang impormasyong pangkasaysayan at pangkultura.
Layuning Pampagkatuto Kaalaman – Natutukoy at naipagkakaiba ang kultural at pangkasaysayang pinagmulan ng Haiku (“Tutubi”), Tanka (“Isang Kimono”), at Tanaga (“Palay”) batay sa mapagkakatiwalaang sanggunian. Kasanayan – Nasusuri at nauuri ang mga ginamit na sanggunian bilang primarya o sekondaryang batis batay sa pinagmulan, petsa, may-akda o gumawa, layunin, at impormasyong nais patunayan; nakabubuo rin ng konklusyon tungkol sa ugnayan ng akda at konteksto nito gamit ang teksto, audio, biswal, at digital o exhibit output. Kaasalan – Naipakikita ang paggalang sa iba’t ibang tradisyong pampanitikan at sa mga karanasan ng mga Pilipino sa panahon ng digmaan. Pagpapahalaga – Napahahalagahan ang panitikan bilang salamin ng kultura, kasaysayan, at karanasan ng tao sa iba’t ibang panahon.
Konteksto ng Mag-aaral

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 3

Batay sa resulta ng pananaliksik, kailangang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng mga batis at maiugnay ang impormasyon sa konteksto ng isang akda. Upang maging tunay na pagsisiyasat ang gawain, hindi muna ibibigay ng guro ang mga konklusyon. Ang mga mag-aaral ang unang magsusuri sa mga sanggunian, maghahanap ng ebidensiya, at bubuo ng paliwanag. Pagkatapos lamang nito gagamitin ng guro ang Teacher's Guide upang linawin ang mga natuklasan.

Pag-iibahin sa aralin ang kasaysayan ng anyong pampanitikan at ang pinagmulan o konteksto ng partikular na akda. Ang Haiku at Tanka ay nagmula sa tradisyong Hapones, samantalang ang Tanaga ay katutubong anyong patula ng mga Pilipino. Hindi nangangahulugang sa Panahon ng Hapon nagmula ang lahat ng tatlong anyo.

Sa pagsusuri ng mga sanggunian, mahalagang tandaan na hindi lamang ang anyo ng materyal ang batayan sa pag-uuri nito bilang primarya o sekondaryang batis. Kailangang suriin ang pinagmulan, petsa, may-akda o gumawa, layunin, at impormasyong nais patunayan. Ang isang orihinal na dokumento ay maaaring primaryang batis para sa isang tiyak na pangyayari, samantalang ang makabagong artikulong nagpapaliwanag dito ay karaniwang sekondaryang batis. Sa lahat ng gawain, teksto ang pangunahing ebidensiya; ang audio at biswal ay pantulong sa pagsusuri; at ang exhibit o digital output ang paraan upang maorganisa at maibahagi ang natuklasan.

DALOY NG KARANASAN SA PAGKATUTO

Panimula ng Aralin (10 minuto)

1. Panalangin, Pagbati, at Pagtatala ng Liban (2 minuto)

Pangungunahan ng nakatalagang mag-aaral ang panalangin at iuulat ng kalihim ang mga lumiban.

Inaasahang kilos ng mga mag-aaral: Makikilahok sa panalangin, babati sa guro, at makikinig sa ulat ng kalihim.

2. Balik-aral – Think–Pair–Share: Panitikan at Dokumentong Pangkasaysayan (3 minuto)

Ipapakita sa screen ang mga pamagat ng tatlong tula at isang larawan ng dokumentong pangkasaysayan na may petsa at pinagmulan. Mag-iisip nang mag-isa ang mga mag-aaral sa loob ng 30 segundo, makikipagpalitan ng ideya sa kapareha sa loob ng isang minuto, at magbabahagi sa klase sa natitirang oras.

Iskrip ng guro: “Ano ang pagkakaiba ng impormasyong nakukuha natin mula sa isang tula at ng impormasyong nakukuha natin mula sa isang dokumentong pangkasaysayan? Paano natin malalaman kung mapagkakatiwalaan ang isang sanggunian?”

Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: “Ang tula po ay akdang pampanitikan na maaaring magpahayag ng damdamin, kaisipan, at karanasan. Ang dokumentong pangkasaysayan naman ay maaaring magbigay ng tala tungkol sa isang tao, pangyayari, o panahon. Upang malaman kung mapagkakatiwalaan ito, sinusuri po namin ang pinagmulan, petsa, may-akda, layunin, at impormasyong nais nitong patunayan.”

3. Pagganyak at Pagtatakda ng Tungkulin – Paghahanda sa Pagsisiyasat ng Batis (5 minuto)

Magpapatugtog ang guro ng maikling pre-cued documentary audio clip at magpapakita ng archival na larawan na may malinaw na metadata. Pagkatapos, itatalaga ang papel ng bawat mag-aaral sa Home Group at ipamamahagi ang Student Source Packets.

• Investigator 1: Eksperto sa Haiku – “Tutubi” (Packet A).
• Investigator 2: Eksperto sa Tanka – “Isang Kimono” (Packet B).
• Investigator 3: Eksperto sa Tanaga – “Palay” (Packet C).

Nilalaman ng Student Source Packets:

Packet A – Haiku (“Tutubi”): Sipi ng tula mula sa Modyul sa Filipino 8; sipi mula sa pag-aaral ni Florinda D. Mateo sa Plaridel tungkol sa Manila Sinbun-sya; timeline ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas; at facsimile ng Liwayway noong Hunyo 5, 1943 kung may makukuhang beripikadong kopya. Kung walang direktang facsimile, ilalagay ang tala na ang petsa ng paglalathala ay nakabatay sa makabagong sanggunian at hindi sa direktang pagsusuri ng orihinal na isyu.

Packet B – Tanka (“Isang Kimono”): Sipi ng tula mula sa Modyul sa Filipino 8; maikling tala tungkol sa tradisyong waka at sa Manyōshū at Kokinshū; at sangguniang nagpapaliwanag sa The Tale of Genji. Kung matutukoy, isasama ang mismong kabanata o bahagi at ang orihinal na waka na pinaghanguan ng salin. Kung hindi matutukoy ang eksaktong orihinal na teksto, malinaw na ituturing ang bersiyong Filipino bilang salin o adaptasyong nasa modyul at ang paliwanag tungkol dito bilang sekondaryang impormasyon.

Packet C – Tanaga (“Palay”): Sipi ng tula mula sa Modyul sa Filipino 8; sipi mula sa pag-aaral ni Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr. sa KWF tungkol sa naunang pagkakatala ng Tanaga at sa muling paglikha ni Ildefonso Santos; dalawang bersiyon ng “Palay” (bersiyon sa modyul at bersiyon sa KWF); at mga gabay na tanong tungkol sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga historikal na paliwanag.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 3

Iskrip ng guro: "Nasa inyong Source Packet ang mga sipi, larawan, dokumento, petsa, at sanggunian na inyong susuriin. Huwag munang maghanap ng sagot sa ibang pangkat. Gamitin ang Source Classification Checklist upang tuklasin kung ano ang pinagmulan ng bawat materyal at kung anong impormasyon ang kaya nitong patunayan."
Inaasahang kilos ng mga mag-aaral: Tatanggapin ng bawat mag-aaral ang nakatalagang packet at checklist at ihahanda ang sarili sa pagsisiyasat.

Paglinang ng Aralin (40 minuto)

A. GAWAIN – Historical Source Investigation: Pagsusuri sa Student Source Packet (15 minuto)

Susuriin ng bawat mag-aaral ang nakatalagang Student Source Packet gamit ang Source Classification Checklist. Gagamitin ang sumusunod na gabay sa pagsusuri:

1. Sino ang may-akda o gumawa ng materyal?
2. Kailan ito nilikha o inilathala?
3. Ano ang layunin nito?
4. Direktang tala ba ito ng isang pangyayari, akda, o karanasan, o paliwanag lamang tungkol dito?
5. Anong partikular na impormasyon ang kaya nitong patunayan?

Mahahalagang paglilinaw sa pag-uuri ng mga batis:

• Orihinal na isyu ng Liwayway, Hunyo 5, 1943: Primaryang batis para sa aktuwal na paglalathala ng "Tutubi" kung may beripikadong orihinal na isyu o facsimile. Kung sipi lamang mula sa modyul o makabagong pag-aaral ang gagamitin, ang mga iyon ay sekondaryang sanggunian para sa petsa ng paglalathala.
• Orihinal na larawan o dokumento mula sa panahon ng okupasyon: Maaaring primaryang batis kung napatunayan ang petsa, pinagmulan, at kaugnayan nito sa pangyayaring sinusuri. Hindi sapat ang larawan lamang kung walang metadata o mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa pinagmulan.
• Orihinal na tekstong waka sa Manyōshū o Kokinshū: Primaryang tekstong pampanitikan para sa pag-aaral ng mga tulang nakapaloob sa mga koleksiyong iyon at sa tradisyong waka. Hindi ito awtomatikong pinagmulan ng "Isang Kimono."
• Orihinal na waka sa The Tale of Genji: Primaryang tekstong pampanitikan para sa partikular na tulang nakapaloob sa nobela, kung matutukoy at masusuri ang mismong tula at konteksto nito. Ang makabagong salin at paliwanag ay kailangang kilalanin bilang salin o sekondaryang pagtalakay, depende sa materyal.
• Salin o adaptasyon sa Modyul sa Filipino 8: Pangunahing tekstong sinusuri ng mga mag-aaral sa aralin, ngunit hindi ito nangangahulugang primaryang batis para sa orihinal na tekstong Hapones. Ang mga paliwanag ng modyul tungkol sa kasaysayan at konteksto ay sekondaryang impormasyon.
• Orihinal na Vocabulario de la Lengua Tagala noong 1754 nina Noceda at Sanlucar: Primaryang batis para sa mga tala at halimbawang aktuwal na nakapaloob sa aklat. Kung wala ang orihinal na sipi o beripikadong facsimile, ang makabagong pag-aaral na bumabanggit dito ay sekondaryang sanggunian.
• Makabagong timeline, documentary narration, at artikulong pangkasaysayan: Karaniwang sekondaryang batis kung nagbibigay ang mga ito ng buod, interpretasyon, o pagsusuri sa mga naunang pangyayari at dokumento. Gayunman, maaaring primaryang batis ang isang recording kung direkta nitong itinatala ang isang panayam, talumpati, o pangyayaring sinusuri. Kailangang tukuyin kung anong impormasyon ang pinatutunayan nito.

Iskrip ng guro: "Suriin ang inyong packet at sagutin ang mga gabay na tanong. Huwag uriin ang materyal batay lamang sa anyo nito. Halimbawa, hindi awtomatikong primaryang batis ang isang larawan o dokumento. Suriin muna ang pinagmulan, petsa, may-akda, layunin, at impormasyong nais nitong patunayan."
Inaasahang kilos at output ng mga mag-aaral: Pupunan ng bawat mag-aaral ang Source Investigation Log na naglalaman ng impormasyon tungkol sa sanggunian, uri ng batis, tekstuwal o dokumentaryong ebidensiya, at konklusyong nabuo mula sa sariling pagsusuri.

B. PAGSUSURI – Expert Huddle at Pagpoproseso Gamit ang Teacher's Guide (10 minuto)

1. Expert Huddle (6 minuto)

Magsasama-sama ang magkakaparehong Investigator: lahat ng eksperto sa Haiku, lahat ng eksperto sa Tanka, at lahat ng eksperto sa Tanaga. Paghahambingin nila ang mga natuklasan mula sa kanilang Source Packets at bubuo ng Multimodal Claim-Evidence-Reasoning (CER) Sheet.

Gagamitin ang sumusunod na balangkas:

• Claim: Ano ang natuklasan tungkol sa kultural o pangkasaysayang konteksto ng tula?
• Evidence: Anong salita, taludtod, dokumento, petsa, o impormasyon mula sa sanggunian ang sumusuporta sa pahayag?

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 3

• Reasoning: Paano pinatutunayan ng ebidensiya ang konklusyon?
Iskrip ng guro: "Paghambingin ang inyong mga natuklasan. Bumuo ng isang malinaw na pahayag tungkol sa konteksto ng inyong nakatalagang tula. Ilagay ang tiyak na ebidensiya at ipaliwanag kung paano nito pinatutunayan ang inyong pahayag. Tiyaking tama ang pagkilala ninyo sa uri ng batis."
Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang Multimodal CER Sheet at mga evidence strips na naglalaman ng pangunahing pahayag, tiyak na ebidensiya, paliwanag, at uri ng sangguniang ginamit.
2. Think–Pair–Share Source Critique at Teacher's Guide Processing (4 minuto)
Magkapareha ang mga mag-aaral sa loob ng kanilang Expert Huddle upang suriin kung sapat ang ebidensiya at kung wasto ang pag-uuri sa mga sanggunian. Pagkatapos ng kanilang sariling pagsusuri, gagamitin ng guro ang Teacher's Guide upang linawin ang mga sumusunod na konklusyon.
Teacher's Guide – Inaasahang Konklusyon at Paliwanag:
Packet A – Haiku ("Tutubi")
• Ang Haiku ay nagmula sa tradisyong Hapones at lumaganap sa panitikang Pilipino noong Panahon ng Hapon.
• Kailangang pag-ibahin ang pagsalakay ng mga Hapones sa Pilipinas noong Disyembre 1941 at ang panahon ng okupasyon na karaniwang tinutukoy mula 1942 hanggang 1945.
• Ayon sa pag-aaral ni Florinda D. Mateo sa Plaridel, itinatag ang Manila Sinbun-sya noong Oktubre 12, 1942 sa ilalim ni Masao Matsuka at nangasiwa sa mga publikasyon, kabilang ang Liwayway.
• Ang "Tutubi" ay iniuugnay sa paglalathala sa Liwayway noong Hunyo 5, 1943. Kung walang orihinal na isyu o facsimile, ang petsang ito ay dapat iugnay sa makabagong sangguniang nag-uulat nito at hindi sa direktang pagsusuri ng orihinal na publikasyon.
Packet B – Tanka ("Isang Kimono")
• Ang Tanka ay bahagi ng tradisyong waka sa Japan. Ang Manyōshū at Kokinshū ay mahahalagang koleksiyon sa kasaysayan ng tradisyong ito.
• Ayon sa modyul, ang "Isang Kimono" ay halaw sa isang tulang nakapaloob sa The Tale of Genji ni Murasaki Shikibu.
• Kailangang pag-ibahin ang kasaysayan ng anyong Tanka o waka at ang partikular na konteksto ng tulang pinaghanguan ng salin o adaptasyong Filipino.
• Sa konteksto ng nobela, ang tulang tinutukoy ay iniuugnay sa damdamin ni Genji tungkol sa kasuotang iniwan ng kaniyang yumaong ama at sa mga luha sa dalawang manggas. Gayunman, hindi dapat ipilit ang lahat ng detalye ng isang modernong salin sa bersiyong Filipino ng modyul kung hindi ito malinaw na nakasaad sa mismong adaptasyon.
• Kung walang natukoy na orihinal na tekstong Hapones o eksaktong bahagi ng nobela, kailangang ilahad ang limitasyong ito at ituring ang modyul at modernong paliwanag bilang mga sangguniang sekundaryo para sa kontekstong pangkasaysayan.
Packet C – Tanaga ("Palay")
• Katutubong anyong patula ng mga Pilipino ang Tanaga; hindi ito nagmula sa Japan.
• Ayon sa Modyul sa Filipino 8, muling sumigla ang Tanaga noong Panahon ng Hapon. Ito ang kontekstong binibigyang-diin ng modyul.
• Ayon naman sa pag-aaral ni Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr. sa KWF, may naunang pagkakatala ng Tanaga sa Vocabulario de la Lengua Tagala nina Noceda at Sanlucar noong 1754 at binabanggit ang muling pagbasa ni Ildefonso Santos sa aklat pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
• Hindi kinakailangang magkasalungat ang dalawang paliwanag sapagkat magkaiba ang kanilang binibigyang-diin: ang isa ay tumatalakay sa muling pagsigla ng anyo noong Panahon ng Hapon, samantalang ang isa ay tumatalakay sa mas naunang pagkakatala at muling paglikha ng Tanaga pagkaraan ng digmaan.
• Panatilihin ang bersiyong nasa modyul bilang pangunahing tekstong susuriin sa klase. Ituring na ibang naitalang bersiyon ang sipi sa KWF kung magkaiba ang mga salita o taludtod.
C. PAGLALAHAT – Student-Facilitated Annotated Context-to-Text Connection Map (6 minuto)
Pamumunuan ng mga kinatawan ng tatlong Expert Huddles ang pagbuo ng Annotated Context-to-Text Connection Map sa screen o pisara. Gagamitin ang sumusunod na ugnayan:
KASAYSAYAN NG ANYO + KONTEKSTO NG PARTIKULAR NA AKDA + TEKSTUWAL AT PANGKASAYSAYANG Ebidensiya → PAGSUSURI SA KULTURAL AT HISTORIKAL NA KAHULUGAN.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 3

Ipapakita sa mapa ang pagkakaiba ng pinagmulan ng Haiku, Tanka, at Tanaga at ang konteksto ng bawat partikular na akda.
Iskrip ng guro: "Bakit mahalagang pag-ibahin ang kasaysayan ng isang anyong pampanitikan at ang konteksto ng partikular na tulang sinusuri? Paano nakatutulong ang wastong pagsusuri sa mga sanggunian upang maiwasan ang maling impormasyon tungkol sa kasaysayan ng mga tula?"
Inaasahang sagot ng mga mag-aaral: "Mahalaga pong pag-ibahin ang kasaysayan ng anyo at ng partikular na akda dahil maaaring mas matanda ang pinagmulan ng anyo kaysa sa panahong naisulat o nailathala ang isang tula. Mahalaga rin pong suriin ang mga sanggunian upang matiyak na tama ang petsa, pinagmulan, at impormasyong ginagamit sa pagpapaliwanag."
D. PAGLALAPAT – Home Group: Peer Teaching, Exhibit Board, at Gallery Walk (9 minuto)
Babalik ang mga eksperto sa kani-kanilang Home Groups upang ibahagi ang mga natuklasan.
• Peer Teaching (3 minuto; 1 minuto bawat eksperto): Ipapaliwanag ng bawat eksperto ang konteksto ng kaniyang nakatalagang tula, ang pangunahing ebidensiya, at ang uri ng sangguniang ginamit.
• Pagbuo ng Exhibit Board (2 minuto): Gagamitin ang preformatted exhibit board template na may tatlong bahagi: Haiku, Tanka, at Tanaga. Ilalagay ng pangkat ang kanilang evidence strips at maiikling konklusyon sa tamang bahagi.
• Gallery Walk at Sticky-Note Source Audit (4 minuto): Bibisita ang bawat pangkat sa dalawang exhibit ng ibang pangkat. Mag-iiwan sila ng isang puna o mungkahi sa sticky note tungkol sa katumpakan ng ebidensiya o pag-uuri sa sanggunian.
Iskrip ng guro: "Mayroon kayong tatlong minuto para sa Peer Teaching—tig-isang minuto bawat eksperto. Pagkatapos, gamitin ang dalawang minuto upang ilagay ang inyong mga ebidensiya at konklusyon sa exhibit board. Sa huling apat na minuto, bumisita sa dalawang exhibit ng ibang pangkat at mag-iwan ng isang puna tungkol sa katumpakan ng kanilang ebidensiya o pag-uuri sa sanggunian."
Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang Tri-Poem Multimodal Mini Exhibit: Noon at Ngayon na naglalaman ng pagsusuri sa Haiku, Tanka, at Tanaga, kasama ang mga ebidensiya, uri ng batis, at konklusyon. Magkakaroon din ng sticky-note source audit mula sa dalawang pangkat na binisita.

Mga Kagamitang Pampagkatuto
• Laptop, projector o Smart TV, at speaker.
• Tatlong Student Source Packets na naglalaman ng aktuwal na sipi, larawan, dokumento, petsa, metadata, sanggunian, at gabay na tanong.
• Teacher's Guide na naglalaman ng inaasahang konklusyon at paliwanag para sa pagpoproseso pagkatapos ng pagsisiyasat.
• Source Classification Checklist, Source Investigation Log, Multimodal CER Sheet, prewritten evidence strips o information cards, sticky notes, at preformatted exhibit board template.
• Alternatibo kung walang kuryente o internet: Nakaimprentang Student Source Packets, metadata cards, audio transcripts, highlighter o colored strips, nakatalagang mag-aaral o guro na magbabasa ng documentary narration, at nakahandang manila paper exhibit template.

Mga Oportunidad para sa Integrasyon
Araling Panlipunan – Pagsusuri sa magkakaibang yugto ng kasaysayan at kronolohiya ng panitikan.
Edukasyon sa Pagpapakatao – Pagpapahalaga sa kultura, kalayaan, katatagan, at paggalang sa karanasan ng iba.
ICT at Media Literacy – Pagsusuri sa pinagmulan, petsa, may-akda, layunin, at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga sanggunian.

PAGTATAYA

Pormatibong Pagtataya (10 minuto)
Indibidwal na Pormatibong Pagtataya – Context-to-Text Multimodal Synthesis Card (10 minuto)
Panuto: Gamit ang mga impormasyong nasuri sa Source Packets, sagutin ang sumusunod na gabay sa pamamagitan ng lima hanggang anim na maiikli ngunit tiyak na pangungusap. Isulat ang kinakailangang impormasyon at magbigay ng tiyak na ebidensiya mula sa tula o sanggunian.
1. Kasaysayan ng mga anyo: Ang Haiku ay nagmula sa tradisyong _____. Ang Tanka ay bahagi ng tradisyong _____ sa Japan, samantalang ang Tanaga ay katutubong anyong patula ng _____.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 5, ISSUE NO. 8

Banghay-Aralin 3
2. Konteksto ng Haiku: Ang "Tutubi" ay iniuugnay sa paglalathala sa Liwayway noong _____, sa panahong _____. 3. Konteksto ng Tanka: Ayon sa modyul, ang "Isang Kimono" ay halaw sa isang tulang nakapaloob sa _____. Kailangang pag-ibahin ang kasaysayan ng anyong Tanka at ang konteksto ng partikular na akda dahil _____. 4. Konteksto ng Tanaga: Ayon sa Modyul sa Filipino 8, _____. Samantala, ayon sa pag-aaral ni Nadera sa KWF, _____. 5. Ebidensiya at uri ng batis: Ang impormasyong ginamit ko ay mula sa _____, na isang primarya/sekondaryang batis dahil _____. 6. Pag-uugnay sa kasalukuyan: Mahalaga ang pagsusuri sa kontekstong pangkasaysayan at pangkultura ng panitikan dahil _____. Iskrip ng guro: "Gamitin ang mga gabay upang makabuo ng lima hanggang anim na maiikli ngunit tiyak na pangungusap. Tiyaking hindi ninyo pinaghahalo ang kasaysayan ng anyo at ang konteksto ng partikular na akda. Banggitin din kung saan nagmula ang inyong impormasyon at kung bakit ito maituturing na primarya o sekondaryang batis." Inaasahang output ng mga mag-aaral: Isang kumpletong Context-to-Text Multimodal Synthesis Card na naglalaman ng pagkilala sa pinagmulan ng tatlong anyo, konteksto ng bawat akda, magkaibang paliwanag tungkol sa Tanaga, uri ng sangguniang ginamit, at pag-uugnay sa kasalukuyan. **Pamantayan sa Pagmamarka:** • Katumpakan ng pagsusuri sa kultural at historikal na konteksto ng tatlong anyo at akda – 3 puntos. • Pagbibigay ng angkop na tekstuwal o dokumentaryong ebidensiya – 2 puntos. • Wastong pag-uuri at pagtukoy sa pinagmulan ng batis – 2 puntos. • Malinaw na pangangatwiran at pag-uugnay sa kasalukuyan – 3 puntos. Kabuuan: 10 puntos.
MGA SUSUNOD NA HAKBANG
Pinalawak na Oportunidad sa Pagkatuto Kapanayamin ang isang nakatatanda tungkol sa isang karanasan o kuwentong naipasa sa pamilya na may kaugnayan sa kasaysayan ng lugar o bansa. Kung walang makapanayam, pumili ng isang mapagkakatiwalaang nakalimbag o archival na sanggunian. Tukuyin kung ito ay primarya o sekondaryang batis batay sa pinagmulan, petsa, layunin, at impormasyong nais patunayan. Isulat ang pinagmulan at maglahad ng tatlo hanggang apat na pangungusap na nagpapaliwanag kung paano nakatutulong ang konteksto sa pag-unawa sa alinman sa Haiku, Tanka, o Tanaga.
Mga Pagninilay

Tala sa mga akda. Sa saklaw ng source, "K.M. Osing" ang nakasaad na sagisag-panulat ni Gonzalo K. Flores, samantalang "Severino Gerundio" sa mga lesson exemplar. Nakasaad din sa saklaw ang Oktubre 10, 1943 para sa "Palay"; kailangang itugma ito sa mga sangguniang pangkasaysayan sa Banghay-Aralin 3. Hindi pumili ng bersiyon nang walang kumpirmasyon ng may-akda. Kailangan ding kumpirmahin ang edisyon, salin, at uri ng batis.

Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, matibay na inilalahad ang kongklusyon na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino 8 matapos gamitin ang Integrated Multimedia sa pagtuturo ng tula. Ipinakikita rin ng kanilang mga tugon ang positibong pananaw hinggil sa kawilihan sa pagkatuto at pag-uugnay ng mensahe ng tula sa sariling karanasan at lipunan. Samakatuwid, ang Integrated Multimedia ay isang epektibo at pantulong na pamamaraan sa pagtuturo ng tula, alinsunod sa mga layunin at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Mga Rekomendasyon

Batay sa mga kinalabasan at kongklusyon ng pag-aaral, inihaharap ang mga sumusunod na rekomendasyon na tuwirang tumutugon sa mga tiyak na suliranin ng pananaliksik:

A. Mga Rekomendasyon para sa Pagtuturo, Pagkatuto, at Pamunuan

Batay sa natuklasang hindi sapat ang tradisyonal na pamamaraan upang malinang ang paunang kritikal na pag-unawa ng mga mag-aaral, inirerekomenda sa mga guro na laging magsagawa ng malalim na paunang pagtatasa (diagnostic

assessment) bago magsimula ang aralin. Makatutulong ito upang matukoy agad ang kahinaan ng mga mag-aaral, partikular sa mga talinghaga at kultural na elemento, upang maiangkop nang maaga ang tamang estratehiya at materyales.

Dahil sa napatunayang mataas na panghuling antas ng pag-unawa matapos ang interbensyon, mahigpit na inirerekomenda sa mga guro sa Filipino ang regular na paggamit ng Integrated Multimedia. Ang pagsasanib ng teksto, audio, bidyo, at larawan ay dapat gawing pangunahing lunsaran sa pagtuturo upang mas madaling maipaunawa ang mga malalalim, mahihirap, at abstraktong ideya sa mga tula.

Bunsod ng obhetibong pagtaas at makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng mga mag-aaral nang gamitin ang inobasyong ito, inirerekomenda sa pamunuan ng paaralan at Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na maglaan ng patuloy na suporta. Kabilang dito ang pagbibigay ng mga training-workshop sa mga guro sa pagbuo ng multimedia materials at paglalaan ng sapat na kagamitang panteknolohiya tulad ng projector, smart TV, at internet sa mga silid-aralan.

Batay sa napataas na kawilihan at kakayahan ng mga mag-aaral na iugnay ang tula sa kanilang buhay, inirerekomenda sa mga guro at tagabuo ng kurikulum na tiyaking ang mga gagamiting multimedia ay laging may kaugnayan sa karanasan ng kabataan, mga isyu sa kasalukuyan, at kulturang Pilipino. Tinitiyak nito na hindi lamang maganda sa paningin ang materyales, kundi makabuluhan din sa personal na buhay ng mga mag-aaral.

Inirerekomenda na pormal na ipagamit, ipasubok, at ibahagi sa iba pang mga guro sa Ikawalong Baitang ang mismong binuong Lesson Exemplar na gumagamit ng Integrated Multimedia para sa mga tula sa Panahon ng Hapon. Maaari rin itong magsilbing huwaran o modelo upang makabuo ang mga guro ng katulad na gabay sa pagtuturo para sa iba pang mga yugto at kabanata ng panitikang Pilipino.

B. Mga Suliraning Pampananaliksik na maaaring pag-aralan ng mga mananaliksik sa hinaharap

Paghahambing ng Epekto ng Integrated Multimedia at Tradisyonal na Pamamaraan Gamit ang Quasi-Experimental na Disenyo.

Epekto ng Integrated Multimedia sa Pagtuturo ng Iba Pang Anyo ng Panitikang Pilipino at sa Ibang Antas/Baitang.

Ang Pagsusuri sa Pangmatagalang Epekto (Long-Term Retention) ng Integrated Multimedia sa Pangkalahatang Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral.

Mga Sanggunian

Ada, H. C., & Marbella, F. D. (2024, Hunyo). Kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng tula. International Journal of Novel Research and Development, 9(6). https://www.ijnrd.org/papers/IJNRD2406209.pdf

Ada, R. A., & Marbella, M. S. (2024). Hamon at Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagsusuri ng Tula. Pambansang Talaan ng Pananaliksik sa Edukasyong Filipino, 9(2), 45–62.

Almacen, J. E. B., & Labitad, G. F. (2024). Multimedia tools on learners' performance in Filipino. PhilArchive. https://philarchive.org/archive/ALMMTOv1

Caballes, A. (2025). Effectiveness of multimedia integration on the academic performance in Grade 10 English. Philippine E-Journals. https://ejournals.ph/article.php?id=31572

Campbell, D. T., & Stanley, J. C. (1963). Experimental and quasi-experimental designs for research. Rand McNally.

Castillo, G. H. D., & Abagon, B. S. (2021). Antas ng kakayahan sa pagsusuri ng tula ng mga mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020–2021. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5(6), 275–281. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/06/ZK2156275281.pdf

Chen, C., & Jamiat, N. (2023, Hunyo 8). A quantitative study on the effects of an interactive multimodal application to promote students' learning motivation and comprehension in studying Tang poetry. Frontiers in Psychology, 14, 1189864. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.1189864

Fraenkel, J. R., & Wallen, N. E. (2009). How to design and evaluate research in education (7th ed.). McGraw-Hill.

Generalao, J. R. (2025, Hulyo). Use of multimedia technology in teaching and students' academic performance in Division of Misamis Oriental. American Journal of Arts and Human Science, 4(3), 52–87. https://doi.org/10.54536/ajahs.v4i3.4597

Kilag, O. K. T., Dumdum, J. N. I., Quezon, J. P., & Malto, L. F. (2023, Hulyo). The pedagogical potential of poems: Integrating poetry in English language teaching. Excellencia: International Multi-Disciplinary Journal of Education, 1(1). https://www.researchgate.net/publication/372680783_The_Pedagogical_Potential_of_Poems_Integrating_Poetry_in_English_Language_Teaching

McGregor, S. L. T. (2017). Connecting policy and practice: A guide for educational researchers and practitioners. Routledge.

McGregor, S. L. T. (2017). Research design: Choosing the right approach. SAGE Publications.

Moldagali, M., Osmanova, Z., & Nurgaziyev, T. (2024). A meta-analysis of the impact of innovative poetry teaching methods on reading, writing, and comprehension skills. Journal of Social Studies Education Research, 15(5), 169–195. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1457504.pdf

Nguaban-Alumit, S. J. A., Tayan, J. L., & Eguia, M. L. G. (2025, Disyembre). Mga epektibong digital tools sa pagkatuto ng tula. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(12), 130–142. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i12.011

Ning, G. K., & Ismail, H. H. (2024, Hunyo). A systematic literature review on the integration of ICT in teaching poetry in English classrooms. International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, 14(6). https://doi.org/10.6007/IJARBSS/v14-i6/21811

Quimbo, A. D. R., Anub, J. M. B., Leones, J. G., Punio, M. M., Sugarol, S. P., & Sumagpao, C. Y. (2026, Abril 21). Unveiling students' experiences in writing poetry: Basis for media-based instructional materials. International Journal of Innovative Science and Research Technology, 11(4). https://doi.org/10.38124/ijisrt/26apr049

Ramachindran, S., & Ramasamy, M. (2024). Exploring the use of teaching techniques and multimedia resources in language and poetry education. Muallim Journal of Social Sciences and Humanities, 8(1), 16–27. https://doi.org/10.33306/mjssh/263

Republic of the Philippines. (2013). *Republic Act No. 10533: Enhanced Basic Education Act of 2013*. LawPhil Project — Arellano Law Foundation. https://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra2013/ra_10533_2013.html

Republic of the Philippines. (2016). *Republic Act No. 10844: Department of Information and Communications Technology Act of 2015*. LawPhil Project — Arellano Law Foundation. https://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra2016/ra_10844_2016.html

Republic of the Philippines. (2023). *Republic Act No. 11961: An act strengthening the conservation and protection of Philippine cultural heritage through cultural mapping and enhanced cultural heritage education program, amending for the purpose Republic Act No. 10066 (National Cultural Heritage Act of 2009)*. LawPhil Project — Arellano Law Foundation. https://lawphil.net/statutes/repacts/ra2023/ra_11961_2023.html

Shintarahayu, B. (2025). Integration of educational technology: Enhancing prose and poetry creativity through digital media in elementary schools. Assyfa Learning Journal, 3(1). https://doi.org/10.61650/alj.v3i1.142

Tagsip, D. M. (2025). Leaping into language: Poetry's impact to students' communicative competence in English teaching learning. Philippine E-Journals. https://ejournals.ph/article.php?id=31667

Turku, M. (2024, Mayo). Teaching and learning English literature through multimedia. Academic Journal of Interdisciplinary Studies, 13(3), 279. https://doi.org/10.36941/ajis-2024-0080

Varona, F. A. (2022, Hunyo). Efficacy of multimedia in teaching communicative skills in Filipino. Cebu Technological University-Main Campus. https://www.researchgate.net/publication/363333506_Efficacy_Of_Multimedia_In_Teaching_Communicative_Skills_In_Filipino